

1

Nabitin ang pagkagat ni Christa sa kanyang tuna sandwich nang biglang bumukas ang pinto ng pribadong opisina ng kanyang boss. Lumabas si Mr. Greg Mendrez, owner and president of *Great Mendrez Fabric Company*. Bagaman nakakunot ang noo at mukhang balisa ay kay kisig pa rin nitong tingnan sa suot na coat and tie. Sa edad na limampu't pito ay para itong *Hollywood* actor na very charming at malakas pa rin ang appeal.

Widower ang kanyang boss. At kahit maraming nagkakagusto rito, pinili nitong manatiling unattached. Siguro ay walang kapalit ang babaeng pinakasalan nito.

Mahigit isang taon pa lang siyang nagtatrabaho bilang sekretarya ni Mr. Mendrez. Sa loob ng maikling panahon na iyon, kabisado na niya ang ugali ng amo. Although he was easy to get along with, may pagka-perfectionist ito at istrikto pagdating sa trabaho. Bagay na hinahangaan niya.

Dahil sa galing nito sa pamumuno, hanggang ngayon ay matatag pa rin ang kompanya. May dalawampung taon na ang textile and clothing line ng

mga Mendrez. At mula nang magtrabaho siya roon, nakita niya kung paano respetuhin si Mr. Mendrez hindi lang ng mga empleyado, kundi ng mga kliyente.

Noong una ay supplier lamang ng tela ang *Great Mendrez Fabric Company*. Hanggang sa pinasok nito ang *haute couture* pati ang mass production ng clothing products. Lalong nakilala ang *GMFC* nang itampok ng fashion designer na si Joshua Madrigal ang mga likha nito sa kompanya.

Masasabing binigyan ng *GMFC* ng break ang aspiring designer na si Joshua (o 'Jhosa' kung tawagin niya) noong mga panahong walang naniniwala sa angking galing nito. Bilang ganti, ibinuhos ni Jhosa ang pagkamalikhain at buong-buong loyalty nito sa kompanya. Mula nang magtrabaho roon ang star designer seventeen years ago ay hindi na ito kailanpaman nangarap ng sariling fashion house.

Iyon ang paputol-putol na kuwento ni Jhosa sa kanya. Sa loob kasi ng pananatili niya sa kompanya ay pansin niyang magaan ang loob sa kanya ng designer. Minsan pa nga ay gusto nito na ipagtahi siya ng mga damit. Pakiramdam niya tuloy ay ginagawa siya nitong isa sa mga modelo nito.

Dahil sa kabaitan ng designer, madaling napalapit ang loob niya rito. Naging super close sila. Itinuturing

niya itong isang mabuting kaibigan. Actually, isang taon na silang magkasama sa iisang apartment. Pumayag siya sa alok ni Jhosa sa kondisyon na hati sila sa rent at lahat ng expenses.

“Christa,” ani Mr. Mendrez, “call Mang George.” Ang personal driver ang tinutukoy nito.

Kumilos siya agad at hinagip ang telepono para tumawag sa guard sa ibaba. Doon naglalagi ang driver kapag naiinip ito sa opisina. Ibinaba niya ang handset nang may maalala.

“Sir, Mang George isn’t feeling well.” Nag-half day ang driver at hindi niya kaagad nasabi dahil kanina pa may kausap ang boss niya sa ibang linya. “Umuwi po siya agad pagkahatid sa inyo kanina.”

May problema po ba? gusto sana niyang idugtong.

“Drive for me, then,” utos nito, at iniabot sa kanya ang susi ng kotse. “Thatid mo ako sa ospital.”

May medical condition ang boss niya, kung walang driver ay nag-ta-taxi ito. Mukhang masyado itong nagmamadali ngayon para maghintay ng taxi. Pero tingin niya ay hindi rin ang pisikal na kondisyon nito ang dahilan kung bakit ito papunta ng ospital.

Ilang minuto lang ay narating nila ang ospital.

Saktong inihinto niya ang sasakyan ay mabilis na umibis ang amo.

Napabuntong-hininga siya nang makababa ito. Wala halos itong tigil sa pag-te-text mula nang umalis sila sa opisina.

Parang ayaw nitong magsalita ngayon, taliwas sa nakasanayan niya. May mga oras na makuwento ang boss, matanong. Pero sa pagkakataong ito ay pinili nitong mag-text kaysa tawagan ang kausap.

Tumuloy siya sa parking lot. Napailing siya, mahina kasi ang parking skills niya. Pigil ang hiningang ipinagitna niya ang minamanehong sasakyan sa pagitan ng dalawang kotse. Naisandal niya ang ulo at napapikit nang magawa iyon nang walang aberya. Nang makabawi ay bumaba na siya ng kotse upang puntahan ang amo.

Nag-text na ito na nasa Room 307 ito, private ward.

Napatigil si Christa sa paglalakad nang mapansin ang nakahambalang na lalaki sa tapat ng Room 307. To use Jhosa's words tuwing nakakakita ng guwapong nilalang, 'nakaka-stone ang karisma' ng isang ito.

At kung ipapatungkol iyon ng bading niyang kaibigan sa lalaking halos kaharap niya ngayon, walang pag-aatubili siyang a-agree.

Parang ‘bato’ ang epekto nito sa sistema niya. Parang drugs, nakaka-high. It was as if she was struck by lightning. Naparalisa na yata siya sa kinatatayuan.

Hindi puwedeng sabihin na hindi siya sanay sa mga guwapong lalaki. Handsome faces were a dime a dozen in their line of business. Paroo’t parito ang mga demi-gods at goddesses sa kanilang building—mga modelo ng kompanya. Madalas ang mga ito roon kapag may photo shoot o contract signing.

The male models seemed to find it hard not to flirt with her, at ngumingiti lang siya sa mga ito para walang masabi ang kanyang boss.

Pero hanggang doon lang iyon, nothing more.

But this man was different. Wala pa yata siyang nakitang kagaya nito.

Sa ngayon ay parang bagong gising ang lalaki with his disheveled hair and rumpled clothes, pero nakadagdag lang iyon sa appeal nito. The just-out-of-bed look made him the hottest guy Christa had ever seen.

“Yes, Honey, I’m sorry I can’t go there right now. I’m in the hospital. Tonette was in an accident,” narinig niyang sabi nito sa kausap sa cell phone.

Ouch! He’s taken.

Pero ano ba ang nakapagtataka roon? It would be odd for a man this handsome not to have a girlfriend. Unless, bakla ito. And that was obviously not the case. Hindi niya alam kung bakit parang may mabigat na dumagan sa dibdib niya sa kaalamang may girlfriend na ito.

Wait, did he say Tonette? Iyong anak na babae ni Sir Greg?

Noon bumukas ang silid at lumabas ang boss niya.

“Christa, pasok. Akala ko’y naligaw ka na,” mahinang sabi ng matanda.

Natanaw niya si Tonette na nakahiga sa hospital bed.

Napabaling siya sa lalaking tumabi lang nang kaunti para makadaan siya. Nakita niyang pinasadahan siya nito ng tingin pero agad ding binawi iyon na para bang gagamba lang siya.

Antipatiko! Ipapadala ko sa ’yo si Jhosa, ang

original na baklang-gagamba.

Kung puwede lang niya itong taasan ng kilay ay ginawa na niya pero wala siyang balak na patulan ito. Para talagang napakalaking utang na loob niya rito ang ginawa nitong pagbibigay-daan sa kanya. Hindi man lang nito maitago ang iritasyon sa mukha.

Inis na nilagpasan na lang niya ito at pumasok.

Kilala niya si Tonette dahil imbitado sila ni Jhosa noong debut ng dalaga. Kailan lang ipinagdiwang iyon. Cheerful ito at malambing, at least, iyon ang pagkakakilala niya rito.

Pero hindi tulad noon na puno ng buhay, maputla ito ngayon. May mga pasa at galos ito sa braso at binti.

Naupo siya sa isang kalapit na sofa. Hawak ni Mr. Mendrez ang kanang kamay ng natutulog na dalaga.

“Nagpaalam siyang mag-a-out of town kasama ang mga kaibigan niya. I thought she didn’t bring the car gaya ng bilin ko. Pero kinuha pala niya ang susi sa drawer ko. Nag-away sila ng kuya niya.” Tumingin ito tagos sa nakasara na ngayong pinto.

So, kuya pala ni Tonette ang bakulaw na ’yon.

“Maybe that’s the reason kung bakit hindi niya

ako pinakinggan,” patuloy ng matanda.

Ang alam niya ay matagal naglagi sa America ang nag-iisang anak na lalaki ni Mr. Mendrez. Ilang buwan na ring usap-usapan sa opisina ang pag-uwi nito. Ini-expect ng lahat na makita ito isang araw sa kompanya pero hanggang ngayon ay hindi pa ito naliligaw roon.

Sana lang ay may kaunti itong kabaitang itinatago. Otherwise, sayang ang kagandahang-lalaki nito. Siguro ay nag-aalala lang ito sa nangyari sa kapatid kaya ganoon ang inugali kanina.

“They were arguing about Camille.”

Pinilit niyang makinig sa sinasabi ng matanda.

“S-sino po si Camille?”

“She’s Kyle’s girlf—“

“Dad, uuwi muna ako. Nagpahanda ako ng mga gamit na kailangan dito sa ospital. Ako na ang kukuha,” putol ng lalaking biglang nagbukas ng pinto at pumasok sa kuwarto.

Pakiramdam ni Christa ay biglang sumikip at uminit ang silid nang umentra ang binata. Pinigilan niya ang sarili na lumingon dito.

“Christa, Hija, okay lang ba na ipag-drive mo si Kyle? I think pareho kaming distracted. Ayokong madagdagan pa ang anak ko na nandito sa ospital.”

Napalunok siya.

Tama ba ang narinig niya? She was going to drive Kyle home? Lihim siyang napangiwi at tahimik na pinagalitan ang sarili sa uneasiness na nadarama. It looked like she didn’t have a choice.

“She’ll drive me home? Tell me you’re joking, Dad.” May pang-iinsulto sa himig nito.

Hindi iyon nagustuhan ni Christa. Kung naiba siguro ang sitwasyon ay baka sinagot niya ito.

“I’m not,” mariing sagot ng matanda.

Bumuntong-hininga ang anak nito, tanda ng pagtitimpi at pagkairita.

“I don’t trust a woman in the driver’s seat. I can drive myself home fine,” dere-derecho nitong saad na parang wala siya roon.

“Don’t be stubborn, Kyle. You either let her drive or ako ang uuwi at ikaw ang magbantay dito sa kapatid mo,” anang matandang napahawak sa sentido.

Tumahimik na lang ang binata at walang paalam na lumabas. Sinenyasan siya ng boss niya na sundan ito.

“Keep your eyes on the road, woman,” asik ni Kyle nang mahagip nito ang pag-irap niya.

“Puwes, tigilan mo din ’yang panonood mo sa pagda-drive ko. I drove your father from the office to the hospital at kita mo naman, pareho kaming walang galos sa katawan. Kaya tigilan mo ’yang pagdududa mo,” buwisit na sagot niya. Kanina pa siya nababanas sa pagbaling nito sa bawat kabig niya ng manibela at pag-switch ng gear.

Ni ayaw nitong bitiwang sa kamay niya ang susi ng kotse kanina. Pero ipinakita niya rito ang cellphone as if saying na tatawagan niya ang daddy nito kapag hindi siya pinag-drive. Inis na isinaksak iyon ng binata sa kanyang palad.

“What now?” untag niya.

“What do you mean what now?” ulit nito.

“I need directions, hindi ko kabisado rito.” Truth was, slow talaga siya pagdating sa pagkabisa ng mga daan. Kailangan niya sigurong makarating ng apat o

limang beses para tumatak sa isip niya ang direksyon patungo sa isang lugar.

“You’re my father’s driver and you don’t know how to go to our house?” tila bagot nitong tanong.

“Secretary ako, hindi driver,” pamimilosopo niya. “Siguro naman kilala mo si Mang George na driver n’yo. Puwes, may sakit siya at dahil hindi puwedeng mag-drive ang daddy mo nang mag-isa dahil—”

“Okay! I get the picture.” Nakipagsabayan ito ng lakas ng boses.

“Hoy, hindi ako ipinanganak para sigawan mo. Sabihin mo na lang kung saan ako liliko.”

“Ako na dapat ang nagmaneho.”

“Fine!” aniya at biglang iniliko ang sasakyan para itabi iyon.

“Shit!” narinig niyang malakas na angil ng binata.

Tinitigan niya ito nang masama, bago nakita ang nilikuan niya. May nakapaskil.

NO U-TURN.

“Damn!” bulalas niya, at nanlaki ang mga mata nang makitang papalapit sa kanila ang isang traffic enforcer.

Huli!

Napapikit na lang nang mariin na hinagip niya ang bag para kunin ang kanyang lisensya. Pero wala roon ang wallet niya.

Shucks, nasa drawer ko sa opisina!

Mabilis siyang nag-isip. Bago pa nakahuma si Kyle ay inabot niya ang kuwelyo nito at hinatak sa isang balikat. Pilit siyang nakipagpalit ng puwesto rito.

“What are you doing, woman?” sita nito.

“Di ba gusto mong mag-drive? Well, here’s your chance,” aniya, nakangiti nang makapuwesto na nang maayos sa passenger seat.

“What the hell...” Napatingin ito sa side mirror. “Gusto mong panagutan ko ang katangahan mo?” singhal nito.

“I forgot my license!” she hissed back.

Nakatabi na ang sasakyan kaya sa side ni Kyle kumatok ang traffic enforcer. Ibinaba ng lalaki ang bintana.

“Sir, mukhang bagong salta kayo sa Maynila, ah,” nakangising bungad ng trafficer officer na parang

nakakita ng ginto sa pagkakatingin kay Kyle. “Pasilip lang po ng lisensya.”

Naniningkit ang mga matang tinitigan siya ng binata pero hindi niya ito pinansin. Patay-malisyang bumaling siya sa labas ng bintana. From her peripheral vision, nakita niyang hinugot ng binata ang wallet sa back pocket ng slacks nito.

“Nasa girlfriend n’yo po ba ang lisensya n’yo, Sir?” tudyo ng nakahuli nang mapansin ang tingin ni Kyle sa kanya.

Bumusangot lalo ang katabi sa biro nito at napakunot ang noo nang mabuksan ang wallet.

“Sorry, Officer. Naiwan ko ang lisensya ko,” anito.

Gustong matawa ni Christa. Pareho silang walang lisensya?

Nagmamalaki pa, driving without license din pala!

Nakita niyang may iniabot si Kyle sa nanghuli. Tatlong Ninoy. Pinakiramdaman niya kung aangal ang traffic enforcer. Nakahinga siya nang maluwag nang ngumisi lang ito at kumaway na sa kanila ng paalam.

“Welcome to the Philippines,” sarkastikong saad niya. “Mas mabuti na iyon kaysa magka-rec—”

“Shut it kung ayaw mong ibaba kita rito,” utos nito.

Inirapan niya lang ito. Pataasan na lang sila ng score ng masamang tingin na ibinabato. Wala siyang balak magpatalo.

Sa Lipa City nakatira ang mga Mendrez. Pinatuloy siya ni Kyle sa magarang bahay ng mga ito. Nang tumapat sila sa kusina ay sinalubong sila ng isang matabang babae. Ito marahil ang cook doon.

Nalanghap agad ni Christa ang mabangong amoy ng sinigang. Mag-a-alas tres na pala ng hapon.

“Good afternoon, Sir, Ma’am. Kumusta po si Ma’am Tonette?” concerned nitong tanong.

“Okay lang, Manang, pero inoobserbahan pa,” mabilis na sagot ni Kyle. “Akyat lang po ako.” Tumalikod na ito.

“Huwag po kayong mag-alala, Manang, tingin ko po ay panatag na si Sir Greg kanina nang makita niya si Miss Tonette,” aniya.

“Kayo po siguro si Ma’am Christa,” anito, nakangiti. “Sigurado po akong nagugutom na kayo. Tumawag po kanina si Sir Greg at ipinagbilin na

pakainin ko agad kayo pagdating ninyo.”

Tumaba ang puso niya sa narinig. Kahit may problema ang amo ay naalala pa rin siya nito. Pasimangot siyang tumingin sa hagdanan na inakyat ni Kyle.

Hindi katulad ng isang iyon.

Nakapaghain na ang matanda. Inihatid na lamang siya nito sa dining table at saka nag-serve ng kanin at ulam.

Humigop siya ng sabaw ng sinigang na hipon. Ang sarap ng init na gumuhit sa kanyang tiyan. She remembered her parents. Tuwing umuuwi siya sa probinsya ay parang fiesta. Ipinaghahanda siya ng mga ito, at hindi nawawala ang paborito niyang sugpo.

Mahigit isang buwan na rin siyang hindi nakakauwi at na-mi-miss na niya ang mga ito pati ang nakababatang kapatid na si Candy. Lagi itong excited kapag dumarating siya lalo na at marami siyang pasalubong na damit.

Branded, disenyo ni Jhosa ang karamihan at taglay ang *Fascia* label. Iyon ang pinakasikat na tag ng *Great Mendrez Fabric*. Pangarap ni Candy na maging model, at masaya siya para rito.

Nakakailang subo pa lang siya ay sumilip na sa kusina ang bagong-ligo at bihis nang si Kyle.

Alangan namang imbitahan niya itong kumain sa sariling pamamahay nito. Ano ang sasabihin niya?

Kain na sa inyo...

“O, Kyle, kumain ka na,” anang matanda.

“Hindi na po, Manang, at nagmamadali kami,” sagot nito. “Pakilagay na lang po sa kotse iyong ibang gamit na kailangang dalhin sa ospital. Nailagay ko na po iyong mga ibinilin ni Daddy.” Tumingin ito sa kanya. “Pumunta ka na sa garahe pagkatapos mong kumain.” At tumalikod na ito.

Nawalan siya bigla ng gana, mabilis niyang tinapos ang pagkain. Sana ay kinaladkad na lang siya nito palabas nang sa gayon ay nagkaroon siya ng dahilan para sipain ito.

“Manang, maiwan ko na po kayo, ha? Mukhang nagmamadali ang bruhildo ninyong amo.”

“Pasensya ka na, Hija, mainit pa rin siguro ang ulo ni Kyle. Hindi kasi nakakakain ng ano...” Humagikgik ang matanda. “Nakakain ka na ba n’un?”

“Bakit naman ho ako kakain n’un?” tanong niya. Baka maging kasing-sungit lang siya ni Kyle kapag

natikman niya ang ‘ano’ na kinakain nito.

“Aba’y walang masama, Hija. Kapag natikman mo ang specialty ko na ginataang suso, tiyak na hahanap-hanapin mo din. Naubusan kasi si Kyle kagabi. Kaya siguro ganyan siya.” At tumawa uli ito. “Bumalik ka dito, ha? Ipagluluto din kita.”

Napailing na lang si Christa at lumabas na.

Siyempre, si Kyle ang magmamaneho. Sigurado siyang kinuha ng binata ang driver’s license nito.

2

“Uy, Girl, bakit hindi ka pa bumabangon diyan? Are you sick?” Boses iyon ni Jhosa.

Ungol lang ang isinagot ni Christa nang yugyugin ng kaibigan ang balikat niya. Mabigat nga ang pakiramdam niya. Siguro, dahil sa lalaking simula kahapon ay puro pasakit na ang hatid sa kanya.

She would get even, she promised.

But he’s guwapo, tila bulong ng kanyang isip.

Masama ang ugali niya! pangungumbinsi niya sa sarili.

“I’m fine, Jho,” sagot niya. “Salamat sa paggising sa ’kin.”

Tumayo siya at hinablot ang tuwalya niyang nakasabit. Dere-derecho siya sa banyo.

“Bilisan mo. Nakapaghain na ’ko,” sigaw nito mula sa labas.

Sakay ng kotse ni Jhosa ay mabilis silang nakarating ng opisina. Napakunot-noo siya nang mapansin na naroon na ang kanyang boss. Pero

nagbilin lang ito ng gagawin at nagpaalam din kaagad. Alam niyang pupuntahan nito ang anak sa ospital.

Bakit parang gusto kong sumama?

May gusto ka lang makita, Christa! mabilis na sagot ng buwisit na she-devil on her left shoulder.

Tinawagan niya ang heads ng iba't ibang department at ipinaalam sa mga ito na hindi matutuloy ang monthly meeting with the president. Mamaya na siya magpapaikot ng memo para papirmahan iyon.

Nakaluhod siya sa sahig at may inaayos sa pinakaibabang drawer ng filing cabinet nang biglang dumilim sa puwesto niya.

“I need the most recent sales report,” anang tinig na kilalang-kilala na niya ngayon.

Tumayo siya at humarap sa kanyang mesa. Kahit hindi siya tumingin sa six-footer na nagsalita, alam niyang si Kyle iyon. Kinuha niya sa kanyang desk ang folder na naglalaman ng hinihingi nito.

“Here.” Napasinghap siya nang mapilitang tumingin sa mukha nito.

His hair was wet, halatang kaliligo lang. Naka-pink polo barong ito, pero lalaking-lalaki talaga ang

dating. And he was sinfully gorgeous. Gusto niyang kalimutan ang kasungitan nito.

Well—almost.

Narinig yata nito ang pagsinghap niya. Ngumiti ito nang pauyam. Napaismid siya.

Feelingero. At hindi man lang marunong mag-thank you.

Pero nag-blush pa rin siya. At tila hindi lang pisngi ang nag-iinit sa kanya. She felt warm all over. Napansin niyang natigilan ito.

Napapansin ba ni Kyle kung gaano siya kaapektado sa presence nito?

Gosh, ano ba itong ka-cheap-an na sumapi sa akin?

Napatingin ang lalaki sa mga empleyadong tila kanina pa nanonood simula nang pumasok ito. Nasa pintuan ng reception ang mga iyon, tila binabantayan sila.

“Follow me to my dad’s office,” ani Kyle. Nagpatiuna na ito.

Automatic na nagsara ang hinged door pagpasok niya. Matiim niya itong tinitigan. Nakatayo ito sa tabi

ng mesa ng ama at nakatingin din sa kanya.

“Are you flirting with me?” tanong nito.

“Excuse me? Ang kapal mo, ha?” Hindi niya sinadya ang reaksiyon dito. Pero pakiramdam niya ngayon ay totoo ang ibinibintang nito.

“Tatapatin kita. Puwede mong isumbat sa 'kin na apektado ako sa 'yo, pero hindi ibig sabihin n'un papatulan na kita. You're sexy and beautiful, and you know how to act innocent. But I have a girlfriend at napangakuan ko na siya ng kasal. So, kung anuman ang binabalak mo, itigil mo na ngayon pa lang. I'm not falling for your dirty tricks,” seryosong saad nito.

Christa was appalled. Nanginig siya sa pagkapahiya at sa galit, pero hinamig niya ang sarili.

“May kailangan pa po ba kayo, Sir? Kasi kung wala na po, lalabas na ako.” Hinintay niya itong magsalita. Nang tila napahiya rin ito sa sinabi ay tumalikod siya, pagkatapos ay humarap muli rito. “And for the record, I wasn't flirting with you. Hindi ko pag-aaksayahan ng panahon ang masungit na kagaya mo. You're welcome to your fiancée.” At lumabas na siya ng opisina ng presidente.

“What’s wrong, Christa? Kanina ka pa parang kulang sa energy at wala sa mood,” sigaw ni Jhosa sa gitna ng malakas na tugtog at ingay.

What could be wrong? Kyle told me I’m sexy and beautiful. At hindi siya totally indifferent sa ’kin. Pero may pakakasalan na siyang iba. Maybe that’s what’s wrong. How can someone as good-looking as he is be such a jerk, Jhosa?

Nag-iisip pa siya kung aaminin dito ang gumugulo sa kanya. Itinutok niya ang mga mata sa vocalist ng banda habang sumisimsim ng *cosmo*.

Twice a month ay nagpupunta sila ni Jhosa dito sa paborito nilang bar sa Quezon City. Pang-alis ng stress sa araw-araw halos na pagtatrabaho.

She wondered kung may alam ito tungkol kay Gavin Kyle Mendrez. After all, matagal nang empleyado ng *GMFC* si Jhosa. Pero pinigilan niya ang sarili na magtanong dito. Baka kung ano pa ang isipin nito. Malakas pa naman ang radar ng kaibigan.

“Don’t tell me gusto mo ’yang kumakanta? Mas *guapa* pa ako diyan, ’no!” tukoy nito sa lead singer. Kinabig pa nito ang balikat niya upang magkaharap sila.

In all fairness and honesty, tama ito. Talagang

mas guwapo pa ito sa kumakanta. Lalo na't nagpa-clean cut si Jhosa kailan lang. Sayang talaga ang mga kagaya nito. Napupunta sa mga kasing-guwapo rin nila pero iba ang preference. Kakaunti na nga lang ang lalaki sa Pilipinas, sumasali pa sa *federacion!* Hindi siya nagtataka kapag maraming nalililang si Joshua. At batid niya mismo ang panghihinayang ng mga babaeng iyon.

“Ano ba kasi ang iniisip mo?” pangungulit nito.

“Iniisip ko na sana naging lalaki ka na lang,” saad niya.

“Ang mahaderang 'to! Kung ikaw kaya ang i-wish ko na naging lalaki na lang para maging *fafa* ko?”

“Maghunos-dili ka, Joshua, ha? Isa pa, hindi ba 'ko puwedeng mawala sa mood? Meron ako.”

“Whatever. And please, it's Jhosa,” pagtatama nito.

“Iniisip ko lang iyong company anniversary natin this year sa Palawan. Marami pa akong dapat ayusin para d'un,” pagsisinungaling niya.

“Puwede ba? Kaya nga tayo nandito ay para lumayo sa trabaho. Tumayo ka na diyan at baka mamantal na 'yang puwet mo sa kauupo. Let's dance

the night away na,” aya nito sabay hila sa kanya papunta sa dance floor.

Natatawang nagpatianod na lang siya.

Masigla ang boses ni Mr. Mendrez habang kausap ito ni Christa sa telepono.

“Sir, you have an urgent meeting with Mr. Lim. He’ll be leaving for Hong Kong this week.”

“Okay, Christa. I-confirm mo na sa secretary niya. By the way, Tonette has recovered beautifully. Magaling na siya. Pero ayaw niya akong payagan na umalis sa tabi niya kaya I’m stuck here.” Wala sa tinig nito ang pagrereklamo. Kaya pala masaya ito, maayos na pala ang kondisyon ng anak na babae.

Narinig niya ang tila ungot ng dalaga.

“Regards po kay Miss Tonette, Sir,” aniya.

Narinig niyang sinabi nito iyon sa anak. “Salamat daw. Dalawin mo raw siya rito,” natatawang dagdag ng matanda.

Alam nitong hindi iyon maaari dahil may trabaho siya. Anyway, polite offer lang siguro iyon.

“Sir, dadaan pa po ba kayo dito sa opisina?”

“I’m not sure, Christa. May kailangan ba akong pirmahan?”

“Mayroon po, eh,” sagot niya.

“I see. Ganito na lang. Mag-taxi ka papunta rito at ipapahatid na lang kita sa driver pabalik. Dito ko na lang pipirmahan.”

“Sige po.”

Wala pang isang oras ay nasa ospital na siya.

“Hi,” nakangiting bati ni Tonette pagpasok niya. “Ikaw ’yung secretary ni Daddy, di ba?”

Tipid na ngumiti at tumango si Christa rito. Mukhang naka-recover na nga ang dalaga. Glowing ang kutis at may kakaibang kinang sa mga mata nito.

“Good afternoon, Sir,” aniya sa amo. Iniabot niya ang mga dokumentong pipirmahan nito, pati ang sign pen.

“Bakit kilala mo siya, Tonette?” anang matanda.

“Dad, don’t you remember? Nand’un siya n’ung party ko,” Tonette answered. “Tinanong pa nga kita if she’s one of our models.”

“Ah, yeah, I remember now.”

“Makakalimutin ka na, Dad,” biro ng dalaga.
“Nga pala, ’asan na si Kuya Kyle?”

“Hindi kita maintindihan, Tonette. Kanina pinaalis mo ’yung tao, ngayon hinahanap mo.”

“Si Camille ang pinapaalis ko, hindi si Kuya,” sagot nito, nakasimangot ang magandang mukha.

“Hindi ba puwedeng irespeto mo na lang ang gusto ng kuya mo?”

“Siya kaya itong hindi nirerespeto ang gusto ko. Sa ayaw ko talaga sa babaeng ’yun, eh. She’s so fake, Dad, I tell you. Ginagamit niya lang si Kuya.”

“Tonette, let’s stop this argument at baka kung saan pa mapunta ito. Christa, pasensya na. You can go now.” Iniabot nito sa kanya ang mga pirmadong papeles.

Tumango siya. “Sige po, Sir. ‘Bye, Miss Tonette.”

“Aalis na siya?” Nasa himig ni Tonette ang pagtutol.

“Yes, Sweetheart.”

“Huwag muna, Dad. Dito muna siya. Di ba nagpa-deliver tayo ng pizza and chicken?”

Tumawa ang ama. “Sure. Paano ba ’yan, Christa?”

Saluhan mo muna kami ng prinsesa ko,” pakiusap ng amo.

Napangiti na lang siya. “Kung sigurado po kayo.”

“Siguradung-sigurado,” ani Tonette.

Nagtawanan sila.

“Masayang-masaya ka naman ’ata ngayon?” sarkastikong komento ni Jhosa.

Naabutan siya nitong kumakanta-kanta pa habang nagluluto. Dinedma lang ito ni Christa.

“Alam mo ba ’yung matandang kasabihan sa mga kumakanta habang nagluluto? Makakapag-asawa raw ng biyudo!” pananakot nito.

Sukat doon ay tumigil siya sa pagkanta at bumaling dito.

“Imbyerna ka talaga, Jhosa,” darag niya. Nakita niyang nakapambahay na ito. Kani-kanina pa siguro dumating.

Bihira silang nagkakasabay umuwi.

“Ako, okay lang. Malay mo, si *Papa Greg* pala talaga ang kapalaran ko,” biro nito.

“Kapal mo, ha?” aniya.

Naghagikgikan sila pagkatapos.

“Bakit kasi may mood swings ka ’ata nitong huli? N’ung Sabado para kang namatayan ng kuko sa paa. Ngayon naman may pakanta-kanta ka pa. Nasisiraan ka na ba?”

Tumigil siya sa ginagawang paghahalo ng niluluto at tiningnan nang matalim ang kaibigan.

“Bawal na ba maging masaya?” asik niya.

“Don’t tell me masaya ka kasi okay na ang anak ni Sir Greg?”

“So?”

Natahimik ito. Kumuha muna ito ng tubig sa ref at pagkatapos ay tinundos ng hintuturo ang tagiliran niya. Napaigtad siya bago tumingin uli nang masama rito.

“Are you in love with our boss?” biglang tanong nito.

Napahalakhak siya, ibinalik ang atensyon sa niluluto.

“Malisyosa ka, Jhosa, ha,” akusa niya.

Humalukipkip ito. “I smell something fishy, *Tagalupa*. Malalaman ko din ’yan kahit di mo sabihin, hmm,” anito sa tono ni *Ina Magenta*.

“Curiosity killed the cat,” babala niya.

“But satisfaction brought it back,” ganti nito. “Walang secret-secret sa mga magkakaibigan.”

Isinalpak niya sa bibig nito ang kutsara na may fillet ng kanina ay pinapalamig niyang sweet and sour fish.

“Don’t talk when your mouth is full. Maghain ka na at magsi-CR lang ako.”

“You can run, Christa Dear, but you can never hide!”

She turned around and blew him a raspberry.

3

Naabutan ni Kyle ang ama sa dining table.

“Where’s Tonette, Dad?”

“Nasa garden, Hijo. Listen, Kyle, maybe it’s best you talk to her and settle the issue once and for all. Ayokong nag-aaway kayo. Fix this problem. Hindi ko gustong maulit pa ang ganitong klase ng pagrerebelde galing kay Tonette. Dalawa nga lang kayo, magkakasamaan pa kayo ng loob. Hindi matutuwa ang mama mo n’yan,” litanya nito.

“I’ll do my best, Dad,” pangako niya. Pupuntahan na niya ang kapatid.

May ilang araw na mula nang makalabas ito ng ospital, pero lagi na ay may dahilan ito para hindi siya kausapin. Kailangan na niyang maayos ang gusot nila, lalo na at may plano na silang magpakasal ni Camille sa lalong madaling panahon.

Nakaupo si Tonette sa swing at hawak ang *Twilight* ni Stephenie Meyer.

May mga tao siguro talagang mahilig sa ganoong genre. Naalala niya tuloy ang isang customer sa auto

shop niya—habang ginagawa niya ang kotse nito ay kinuwentuhan siya nang kinuwentuhan ng matanda tungkol sa vampires at werewolves. Nasa late forties na nito ang lalaki kung hindi siya nagkakamali.

Nag-invest siya sa automobile shop nang nasa California siya. He was a good businessman enough to know na promising ang *Kyle's Auto Care Plus* kahit dalawang taon pa lang itong nag-o-operate. May kaibigan siya na nag-ma-manage ng shop tuwing umuuwi siya ng Pilipinas.

Hindi niya pa alam kung darating ang panahon na pamamahalaan niya ang negosyo ng ama. Masasabi na kotse ang first love niya. At kapag naikasal sila ni Camille, aayain niya itong sa America na sila manirahan eventually para matutukan niya ang shop.

Pero mukhang kailangan niya munang amuin si Tonette bago magawa ang lahat ng iyon. Ayaw niyang umalis nang may samaan sila ng loob.

Umupo siya sa swing na kahilera ng inookupa nito. Pero bumaling lang ito palayo sa kanya at tila lalong pinag-igi ang pagbabasa.

“Baka may lumabas na bampira diyan at sakmalin ka,” biro niya.

“You’re so lame,” balik nito.

Kasalanan din siguro niya kung bakit may pagka-brat si Tonette. Their parents, especially their mother, had spoiled her rotten. Mahigpit na bilin ng ina bago ito namatay na huwag niyang paiiyakin ang nakababatang kapatid. So, maybe in a way, na-spoil din ito sa kanya.

Hindi niya lang maintindihan kung bakit ayaw nito kay Camille. Nagtatoka siya sa mga babae. Paanong nagagawa ng mga ito na magalit sa mga kabaro minsan nang walang kadahi-dahilan?

Dahil iyon ang opinyon niya. Walang basehan si Tonette para ayawan ang nobya niya—para man iyon sa pamilya nila o para sa kanya.

Wala siyang rason para hiwalayan ang nobya. Lalong wala siyang balak na palakihin pang lalo ang ulo ni Tonette at sundin ito dahil lang ayaw nito sa girlfriend niya.

“I know you are not in good terms with Camille, but I really don’t see any reason para magalit ka sa kanya.” Hinintay niyang mag-comment ang kinakausap pero nanatili lang itong tahimik. “Kung nakikita ko na masama ang pagtrato niya sa ’yo or anything even remotely close to that, ako na mismo ang uurong sa kasal. Pero wala akong dahilan para gawin iyon.”

Tumingin ito sa kanya. “Hindi pa ba dahilan ang narinig ko?”

“Tonette, please,” saway niya, “ipipilit mo na naman ba ’yan? You probably just misinterpreted what you’ve heard. Sigurado ako na genuine ang pagtingin sa akin ni Camille. Kung bibigyan mo siya ng pagkakataon, mapapatunayan mo din iyon.”

“She’s hiding her horns,” makulimlim ang mukha na sagot nito. Tumayo na ito. “I guess I can’t change your mind kahit ano’ng sabihin ko. Bahala ka na nga.”

Gumaan ang loob niya sa narinig.

“So, no more driving without permission?” paniniguro niya, nakaangat ang tingin sa nakababatang kapatid na nasa unahan niya.

”Oo na, but don’t force me to like your girlfriend. Civil is the best I can do,” nakasimangot na sagot nito.

Tumayo siya at inakbayan ito.

“Pasasaan ba’t magkakasundo rin kayo,” aniya.

In your dreams, Kuya. Guess it’s time for Plan B, Tonette thought to herself.

Nagulat si Christa nang kinatanghalian ay yayain

siya ng boss niya na mag-lunch.

“Sir?” ulit niya. Ayaw niyang magkatotoo ang babala ni Jhosa na magkakaasawa siya ng biyudo.

Utang na loob, ayaw niyang maging madrasta ni Kyle!

“Actually, I’m extending Tonette’s invitation. Siya ang may gusto na sumama ka sa ’min na kumain sa labas. I hope it’s okay,” alangan ang ngiti na saad ng amo.

“O-okay lang po,” aniya.

Pagdating nga nila sa restaurant ay naroon na ang dalaga.

“Hi, Ate Christa,” anito nang makalapit sila ni Mr. Mendrez.

“Hello, Miss Tonette, nice to see that you’re okay now.”

“Thank you. And please, ‘Tonette’ na lang. Feeling ko tuloy kasing-tanda ako ni Daddy sa itinawag mo sa ’kin.”

“Nakita mo na, Hija, ang kasalbahihan nitong dalaga ko.” Hinila ni Mr. Mendrez ang isang upuan para sa kanya.

“Hindi ako salbahe, Dad. Di ba, Ate Christa, mabait ako? Thank you sa paghahatid mo sa daddy ko sa hospital, ha? Sinabi niya sa ’kin.”

“Wala iyon,” tipid ang ngiting sagot niya.

Inabutan sila ng waiter ng menu. Buttered shrimp with braised broccoli and rice ang in-order niya. Nag-suggest si Tonette na i-try niya ang *Caesar’s* Salad at mango shake sa lugar. Bukod sa order ng mag-ama ay nagpadagdag pa ng pagkain ang boss niya.

“I was asking Dad to buy me a car but he wouldn’t hear of it,” ani Tonette habang hinihintay nila ang order. Nasa tono nito ang pagsusumbong.

Sa halip na sumagot ay tumingin lang siya kay Mr. Mendrez at ngumiti rito. Napailing ang matanda bago bumaling sa anak para aluin ito.

“Mahirap na, Tonette. Nag-iingat lang ako. Lalo na at graduating ka next year.”

“See what I mean, Ate Christa? Kulang na lang bodyguard at daig ko pa ang anak ng presidente.”

“Well, presidente ako ng kompanya natin,” biro ni Greg sa anak na nalukot ang mukha sa pagmamaktol. “Siguro, pag mga twenty-three ka na.”

“Iyon naman pala, Miss Tonette. Ibibili ka rin ni

Sir Greg, hindi nga lang ngayon,” kompormiso na lang niya.

Bumusangot si Tonette. “Nasasabi mo lang iyan ’coz I’m sure walang nagbabawal sa iyo na mag-drive,” anito.

“Kung ako ang tatanungin, hindi ko rin siya papayagan na magmaneho, lalo na kung kasing-edad mo lang siya. Baka iyon pa ang maging mitsa ng pagkapahamak ng ibang tao.”

Sabay-sabay silang napalingon sa nagsalita.

“O, Hijo, what took you so long?” bati ni Greg sa anak na binata.

Itinuro ng ama ang upuan sa tapat ni Christa. Kaagad namang may dumating na waiter at naglagay ng extra plate at kubyertos pagkaupo roon ng binata.

Kararating pa lang, naghahanap na agad ng away ang bakulaw na ’to...

Pero ano ba itong nararamdaman niya? Parang na-miss niya bigla ang binata. Kailan nga ba sila huling nagkita?

“Bakit, Kuya? Naipag-drive ka na rin ba ni Ate Christa? Bakit parang may reklamo ka?” usisa ni Tonette.

Hindi kaagad nakasagot ang binata dahil dumating ang nag-serve ng pagkain. Pagkasubo at pagkalunok ng pasta, nagsalita ito.

“Dahil sa kanya, napatunayan ko na hindi dapat pagkatiwalaan ang mga babae sa manibela.” Ngumiti ito nang pauyam sa kanya.

Gumanti siya ng kaparehong ngiti.

“I think wala kang karapatan na laitin ang abilidad ko dahil magaling akong magmaneho,” hindi nakapagpigil na balik niya.

“Right. Magaling. Magaling ba iyong nagda-drive na wala palang lisensya?” tuya nito, nasa pagitan ng malambing at painsulto ang tono.

Agad siyang pinamulahan ng mukha. Huminga siya nang malalim bago matamis ding sumagot.

“Mine was an honest mistake. Naiwan ko ang wallet ko sa opisina. Ikaw? Siguro burara ka. Bakit wala sa wallet ang lisensya mo? O baka sanay kang ‘naglalagay’ na lang sa mga traffic enforcers na madalas makahuli sa ‘yo,” palabang saad niya.

Hindi iisipin ninuman na nag-aaway sila dahil bland ang kanilang tono at modulated ang kanilang boses.

“Hah! Ipapaalala ko lang sa 'yo na ikaw ang dahilan kaya ako nakapaglagay sa tiwaling traffic enforcer na 'yun.”

“Walang magpapalagay kung walang maglalagay,” pangaral niya rito.

All throughout their exchange ay tila tuwang pinapanood sila ng mag-amang Greg at Tonette.

“Really? Pasalamat ka at binayaran ko 'yun. Kung hindi—”

Itinaas niya ang baba. “Kung hindi, ano?”

“Wala,” sagot ng binata, itinuon na ang atensyon sa pagkain.

“I think we're a little lost here,” ani Tonette. “Puwede n'yo bang linawin 'yung kuwento?”

“You ask her,” sagot ni Kyle.

Ibinagsak niya ang mga balikat. “Nang ipag-drive ko ang kuya mo, I made a wrong turn kaya nasita kami. No harm done though, humingi lang ng lagay ang officer and that's it.”

Tumawa nang pagak si Kyle. “Do you mind if I tell my version?” Nang-aasar ang pagkakangiti nito.

“Why not?” tila naaliw na sagot ni Tonette.

“First of all, dapat sinabi niya na hindi siya sanay sa daan. Pero dahil nagyayabang siya, she went ahead and drove the car and drastically made a wrong turn. Nang makita niyang palapit ang traffic enforcer, hinatak niya ako at pilit inilipat sa driver’s seat para ako ang mahuli sa halip na siya. Because—”

“Hindi ko gagawin iyon kung dala ko ang driver’s license ko,” aniya.

“See?” Tumingin ito sa kapatid, pagkatapos ay sa ama. “Bakit hinahayaan n’yong ipag-drive kayo ng iresponsableng ’to na hindi man lang naalala—”

“Talaga? Iresponsable? Are we still talking about me? O ikaw na ba ang pinag-uusapan natin this time? Dahil gaya ng nasabi ko, buong akala ko ay naroon ang wallet ko sa bag na dala ko. Unlike you na... Wala. Talagang. Lisensya!” Idiniin niya ang huling salita.

“Hindi naman sa may kinakampihan ako sa inyo, Hijo, pero minadali ko talaga si Christa nang mga pagkakataong iyon.”

“Yes, Dad, but she should have had her wits about her. Hindi ba gan’un dapat lagi ang magaling na assistant?” He stressed the term ‘magaling’. “Also, if you’re going to excuse her for that reason, you might

as well excuse me, too. Bagong gising ako at sumibad ako sa ospital as fast as I could. I was worried out of my mind dahil sa prinsesa natin.” Ngumiti ito sa kapatid, ngiting may pagkasarkastiko.

“Thanks, Kuya,” Tonette replied ungraciously.

Huminga na lang si Christa nang malalim.

Tumikhim ang matanda. “Maybe we should concentrate on our food. Huwag na tayong mag-usap tungkol sa lisensya. Sige na, kumain kayo nang mabuti,” ani Greg.

Iyon ang ginawa ni Christa. Wala siyang balak na sayangin ang napakamahal at napakasarap na lunch na iyon dahil lang sa bakulaw na si Kyle.

“But it’s a great topic, Daddy,” pilyang sabi ni Tonette. “Ano kaya kung kailangan mo ng lisensya para sa lahat ng bagay?”

“And what are you thinking, young lady?” sita ng ama nito.

“Please, Dad, huwag mo nang kulitin iyang si Tonette. Hindi titigil iyan kahit awatin mo mamaya.”

Binelatan nito ang nakatatandang kapatid at hindi inalis ang tingin dito habang nagsasalita. “I think some people need a license before they are

allowed to love somebody else.”

Halatang may laman ang sinabi nito.

“Hija, hindi puwede iyon. Love doesn’t work that way,” anang ama nito.

“Kaya nga siguro madaming naloloko sa pag-ibig, Daddy,” dismayadong pahayag nito, tumingin pa sa kapatid. “Dapat talaga may nag-i-issue ng license to love.”

Sina Christa at Kyle ay parang walang naririnig, patuloy lamang sa pagkain.

Naiiling na itinaas na lamang ni Mr. Mendrez nang bahagya ang dalawang kamay nito na wari’y sumusuko at nag-umpisa nang kumain.

Si Tonette naman ay nangingiti na parang biglang nakakita ng taong bibigyan nito ng nasabing lisensya. Uminom ito ng fresh orange juice at itinuon na rin ang atensyon sa pagkain.